# Sa Pamilihan

Ngayon ay araw ng Linggo. Ngayon ay araw ng pamilihan. May paninda si Aling Minda. May sitaw, bataw, talong at patola.

## Mga Tanong:

1. Sino ang may paninda?
   a. si Aling Minda
   b. si Aling Maria
   c. si Mang Ben
2. Ano ang kaniyang tinitinda?
   a. mga prutas
   b. mga gulay
   c. mga laruan
3. Saan siya nagtinda?
   a. sa paaralan
   b. sa simbahan
   c. Sa palengke

*Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com*

FUN TEACHER FILES

# Kalabasa

Si Kara ay may kalabasa. Pinaluto niya ito sa kaniyang lola. Masarap ang kalabasa. Ito ay mainam sa mga mata.

## Mga Tanong:

1. Sino ang may kalabasa?
   a. si Karen
   b. si lola
   c. si Kara
2. Ano ang ginawa niya sa kalabasa?
   a. pinaglaruan
   b. niluto
   c. itinanim
3. Bakit mahalaga kumain ng kalabasa?
   a. nakakatibay ito ng buto
   b. nakakalinaw ito ng mata
   c. nakakataba ito

Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com

FUN TEACHER FILES

# Bakasyon

Nagbakasyon ang pamilya Santos. Pumunta sila sa Baguio. Sumakay sila ng bus. Limang araw sila roon.

## Mga Tanong:

1. Sino ang nagbakasyon?
   a. pamilya Reyes
   b. pamilya Lopez
   c. pamilya Santos
2. Saan sila pumunta?
   a. sa Maynila
   b. sa Tarlac
   c. Sa Baguio
3. Ilang araw sila roon?
   a. limang araw
   b. apat na araw
   c. isang linggo

# Bahay ni Rita

Maganda ang bahay ni Rita. Dalawa ang palapag nito. Kulay berde ang mga pader. Pula naman ang bubong nito.

## Mga Tanong:

1. Sino ang may bahay na maganda?
   a. si Rico
   b. si Rita
   c. si Luis
2. Ilang palapag ang bahay niya?
   a. isa
   b. dalawa
   c. tatlo
3. Ano ang kulay ng bubong nito?
   a. pula
   b. berde
   c. asul

*Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com*

FUN TEACHER FILES

# Sorbetes ni Tess

Si Tess ay may sorbetes. Lasang keso ang sorbetes niya. Binili ito ng kaniyang lola. Masarap ang sorbetes. Paborito ito ni Tess.

## Mga Tanong:

1. Sino ang may sorbetes?
   a. si Tess
   b. si Ness
   c. si Bess
2. Sino ang bumili ng sorbetes?
   a. si lola
   b. si Tess
   c. si ate
3. Ano ang lasa ng sorbetes?
   a. tsokolate
   b. ube
   c. keso

# Kaarawan ni Inay

Kaarawan ni Inay. Naglinis ng bahay sina ate at kuya. Nagluto si Itay. Kumain sila nang sabay-sabay. Natuwa si Inay.

## Mga Tanong:

1. Sino ang may kaarawan?
   a. si kuya
   b. si Itay
   c. si Inay
2. Sino ang naglinis?
   a. sina ate at kuya
   b. sina lolo at lola
   c. sina tito at tita
3. Ano ang naramdaman ni Inay?
   a. nalungkot
   b. nagulat
   c. natuwa